

## IHS Markit ASEAN Manufacturing PMI™

### PMI, ipinapahiwatig ang unang pag-unlad ng mga kundisyon ng negosyo sa loob ng siyam na buwan

#### Mga pangunahing nalaman

Pinakamabilis ang pagtaas ng mga bagong order mula noong Mayo...

...pero bumaba ang output sa unang pagkakataon sa loob ng tatlong buwan

Lubos ding humaba ang mga tagal ng paghahatid ng mga supplier mula noong Agosto 2014

Ayon sa pinakabagong datos ng IHS Markit Purchasing Managers' Index (PMI™), gumanda noong Pebrero ang mga kundisyon ng pagpapatakbo sa sektor ng pagmamanupaktura sa ASEAN sa unang pagkakataon mula noong Mayo ng nakaraang taon, sa kabila ng pinakamabilis na pagtaas ng mga order book sa loob ng siyam na buwan. Sa kabila nito, bahagya lang ang pangkalahatang pag-unlad, dahil humina ang produksyon sa unang pagkakataon sa loob ng tatlong buwan at bumaba ulit ang bilang ng trabaho.


Tumaas ang headline na PMI sa 50.2 sa buwan ng Pebrero mula 49.8 noong Enero, na nagpapahiwatig sa unang pag-unlad sa kalagayan ng sektor ng pagmamanupaktura sa ASEAN sa loob ng siyam na buwan, bagama't bahagya lang ito. Tumaas sa pinakamabilis na rate ang mga bagong order mula noong Mayo ng nakaraang taon, pero mababa lang ito. Gayunpaman, nakaapekto ang pagbagsak ng output at ng bilang ng trabaho sa headline na figure, dahil bumaba ang produksyon sa unang pagkakataon mula noong Nobyembre at bumagsak ang mga bilang ng manggagawa sa pinakamabilis na rate sa loob ng tatlong buwan.

Naitala sa Pilipinas ang pinakamagandang performance ng pitong sinusubaybayang bansa noong Pebrero, kung saan ang headline na PMI (52.3) ang nagpapahiwatig sa pinagsama-samang pinakamabilis na pag-unlad ng mga kundisyon ng pagpapatakbo mula noong Disyembre 2018. Nag-ulat din ng pagpapalawak ang Indonesia, ang unang beses sa loob ng walong buwan, na may headline na figure (51.9) na nagpapahiwatig ng bahagyang pagtaas.

Sa ibang dako, nag-ulat ng malalawak na hindi nagbabagong kundisyon ng pagpapatakbo ang Myanmar, na may humihinang headline na PMI na mas mababa nang kaunti sa neutral na 50.0 na threshold. Sa headline na PMI na 49.8, tinapos ng pinakabagong tala ang 15 buwang naitalang survey ng tuloy-tuloy na pag-unlad. Samantala, nag-ulat ang Thailand ng ikawalang magkasunod na paglala ng mga kundisyon ng pagmamanupaktura, na isa sa may pinakamababang headline index mula noong Oktubre 2018 na may headline index (49.5). Sa parehong pagkakataon, ipinahiwatig ng headline na figure (49.0) ng Vietnam ang unang paglala ng kalagayan ng sektor mula noong huling yugto ng 2015 sa kabila ng mga ulat ng pagkaantala dulot ng coronavirus. Kaugnay nito, bahagya lang ang pagbaba sa pangkalahatan.

Nag-ulat din ang mga producer ng mga produkto sa Malaysia ng paglala sa mga kundisyon ng pagpapatakbo sa buwan ng Pebrero, tulad ng nangyari ipinagpatuloy...

ASEAN Manufacturing PMI sa, >50 = pag-unlad mula noong nakaraang buwan



Pinagkunan: IHS Markit.

#### Komento

Nagkomento sa mga resulta ng pinakabagong survey si Lewis Cooper, Ekonomista sa IHS Markit, aniya:

*"Nakaranas ang sektor ng pagmamanupaktura sa ASEAN ng pansamantalang pag-unlad sa mga kundisyon noong Pebrero, na tumapos sa walong buwang serye ng pagbagal. Bahagi ng pag-unlad ang pangatlong kasunod na pagtaas ng mga order book, bagama't bahagya lang ang pagtaas ng mga bagong negosyo. Kaugnay nito, nakaapekto sa headline index ang unang pagkabawas sa output sa loob ng tatlong buwan, habang patuloy na bumaba ang mga bilang ng manggagawa.*

*"Samantala, patuloy na binabawasan ng mga kumpanya ang kanilang aktibidad ng pagbili at mga imbentaryo, habang bumaba ang performance ng vendor sa pinakamabilis na rate mula noong Agosto 2014 sa gitna ng mga ulat ng mga pagkaantala sa chain ng supply dulot ng pagkalat ng COVID-19.*

*"Ang kawalan ng paglago ng output sa taong ito, kasabay ng mga pressure sa chain ng supply, ay kabilang sa mga alalahanin kung patuloy bang uunlad ang kalagayan ng sektor. Magbibigay ang datos sa mga susunod na buwan ng karagdarangang indikasyon ng epekto ng paglaganap ng coronavirus sa mga producer ng mga produkto sa ASEAN."*

sa karamihan sa nakalipas na 5 taon. Gayunpaman, nagpahiwatig lang ang headline index (48.5) ng bahagyang rate ng pagbaba. Panghuli, nagpatuloy ang pagbaba ng headline na figure ng Singapore sa buwan ng Pebrero. Ang headline na figure (45.8) nito ang pinakamababa sa loob ng apat na buwan at nagpapahiwatig ito ng tuloy-tuloy na paglala ng kalagayan ng sektor ng pagmamanupaktura.

Sa pangkalatahan, bahagyang umunlad ang mga kundisyon ng pagpapatakbo sa sektor ng pagmamanupaktura sa ASEAN, at isa sa mga dahilan nito ay ang higit pa at mas mabilis na paglago ng bagong order. Gayunpaman, binigyang-diin ng pinakabagong datos ng survey ang higit pang palatandaan ng paghina, dahil sa paghina ng produksyon sa unang pagkakataon sa loob ng tatlong buwan (bagama't bahagya), habang bumagsak naman ang mga bagong order na pang-export sa pinakamabilis na rate mula noong Setyembre at binawasan ng mga kumpanya ang mga tauhan nito sa ika-siyam na buwan na ngayon.

Samantala, bumaba ang aktibidad ng pagbili, tulad ng nangyari sa bawat buwan mula noong Hunyo. Ang pagbagsak ang pinakamabilis sa loob ng tatlong buwan, bagama't bahagya lang. Gayunpaman, bumaba ang performance ng vendor sa unang pagkakataon mula noong Setyembre sa gitna ng pagtaas ng mga pressure sa chain ng supply dahil sa paglaganap ng COVID-19. Bagama't bahagya, ang sukduhan ng paghaba ng lead time ang pinakamabilis mula noong kalagitnaan ng 2014.

Binigyang-diin din ng datos sa buwan ng Pebrero ang pinakamabilis na pagbagsak sa mga imbentaryo bago ang produksyon sa loob ng apat na buwan, habang bumaba naman ang mga stock ng mga natapos na gamit mula noong Agosto ng nakaraang taon.

Sa aspeto ng presyo, patuloy na tumaas ang malalaking pasaning gastos, dahil pinakamabilis ang rate ng inflation mula noong Mayo ng nakaraang taon at nananatili ito sa katamtamang bilis sa pangkalahatan. Gayunpaman, hindi ipinasa sa mga kliyente ang mas matataas na gastos, dahil walang masyadong nagbago sa mga presyo sa pagbebenta.

Sa average, nanatiling positibo ang mga kumpanya na tataas ang output sa susunod na taon, pero bumaba sa loob ng apat na buwan ang kanilang pangkalahatang positibong pananaw.

Pamamaraan

Ang IHS Markit ASEAN Manufacturing PMI™ ay kinakalap ng IHS Markit mula sa mga tugon sa mga buwanang questionnaire na ipinapadala sa mga purchasing manager sa mga panel ng mga manufacturer sa Indonesia, Malaysia, Myanmar, Pilipinas, Singapore, Thailand at Vietnam, na may kabuuang nasa 2,100 manufacturer. Ang mga bansang ito ay kumakatawan sa 98% ng ASEAN manufacturing value added\*. Ang mga panel ay hinahati-hati ayon sa detalyadong sektor at laki ng lakas-paggawa ng kumpanya, batay sa mga kontribusyon sa GDP.

Kinokolekta ang mga tugon sa survey at sinasalamin nito ang direksyon ng pagbabago kumpara sa nakaraang buwan. Kinakalkula ang isang diffusion index para sa bawat survey variable. Ang index ay ang kabuuan ng porsiyento ng mga tugong 'mas mataas' at kalahati ng porsiyento ng mga tugong 'hindi nabago'. Ang index ay maaaring maging 0 hanggang 100, at ang isang reading na mas mataas sa 50 ay nagsasaad ng pangkalahatang pagtaas kumpara sa nakaraang buwan, at ang mas mababa sa 50 ay pangkalahatang pagbaba. Ang mga index ay ina-adjust ayon sa season. Ang mga ASEAN index ay kinakalkula sa pamamagitan ng sama-samang pagsusukat ng mga national index. Ang mga weight ng bansa ay kinakalkula ayon sa taunang manufacturing value added\*.

Ang headline figure ay ang Purchasing Managers' Index™ (PMI). Ang PMI ay isang weighted average ng sumusunod na limang index: Mga Bagong Order (30%), Output (25%), Employment (20%), Delivery Times ng Mga Supplier (15%) at Mga Stock ng Pagbili (10%). Para sa pagkalkula ng PMI, ini-invert ang Index ng Delivery Times ng Mga Supplier nang sa gayon ay gumagalaw ito patungo sa isang katulad na direksyon kumpara sa ibang mga index.

Hindi nirerevisa ang batayang data ng survey pagkatapos ng publikasyon, ngunit maaaring paminsan-minsang irebisa ang mga pana-panahong salik ng pagsasaayos kung naaangkop, na makakaapekto naman sa serye ng data na pana-panahong isinasayos.

Ang data ng Pebrero 2020 ay nakolekta noong 12-24 Pebrero 2020.

Para sa dagdag na impormasyon sa pamamaraan ng PMI survey, makipag-ugnayan sa [economics@ihsmarkit.com](mailto:economics@ihsmarkit.com).

\*Pinagkunan: World Bank World Development Indicators.


Disclaimer

Ang mga karapatan sa intelektwal na pag-aari sa data isinaad dito ay pagmamay-ari ng, o nakalisensya sa, IHS Markit. Ang anumang hindi awtorisadong paggamit sa anumang lumalabas na data, kabilang ang, ngunit hindi nalilimitahan sa, pagkopya, pamamahagi, pagpapadala o iba pang paraan na tulad nito ay hindi pinapahintulutan kung wala itong paunang pahintulot mula sa IHS Markit. Hindi magkakaroon ng anumang pananagutan, responsibilidad o obligasyon ang IHS Markit para sa, o kaugnay ng, content o impormasyon ("data") na makikita rito, sa anumang pagkakamali, hindi wastong impormasyon, pagbabawas o pagkaantala sa data, o para sa anumang hakbang na isinagawa batay sa mga ito. Sa kahit na anong sitwasyon, hindi mananatag ang IHS Markit para sa anumang mga pinsalang espesyal, insidental o bunga ng hindi pagsunod sa kontrata, na magresulta sa paggamit ng data. Ang Purchasing Managers' Index™ at PMI® ay mga nakarehistrong trade mark ng Markit Economics Limited o nakalisensya sa Markit Economics Limited. Ang IHS Markit ay isang nakarehistrong trademark ng IHS Markit Ltd. at/o mga affiliate nito.

Manufacturing PMI

Indonesia / Malaysia / Myanmar / Pilipinas  
Singapore / Thailand / Vietnam

sa, >50 = pag-unlad mula noong nakaraang buwan



Pinagkunan: IHS Markit.

Makipag-ugnayan

Lewis Cooper  
Economist  
IHS Markit  
Telepono: +44 1491 461 019  
[lewis.cooper@ihsmarkit.com](mailto:lewis.cooper@ihsmarkit.com)

Bernard Aw  
Principal Economist  
IHS Markit  
Telepono: +65 6922 4226  
[bernard.aw@ihsmarkit.com](mailto:bernard.aw@ihsmarkit.com)

Katherine Smith  
Public Relations  
IHS Markit  
Telepono: +1 781 301 9311  
[katherine.smith@ihsmarkit.com](mailto:katherine.smith@ihsmarkit.com)

Tungkol sa IHS Markit

Ang IHS Markit (NYSE: INFO) ay isa sa nangunguna sa paghahatid ng mahahalagang impormasyon, analytics, at mga solusyon para sa malalaking industriya at merkado na nagpapatakbo sa ekonomiya sa buong mundo. Naghahatid ang kumpanya ng mga pinakabagong impormasyon, analytics at solusyon sa mga customer sa larangan ng negosyo, pampinansyal at pamahalaan, na nagpapahusay sa kanilang pangangasiwa at nagbibigay ng kapaki-pakinabang na kaalamang nagreresulta sa mga matalino at pinag-isipang pasya. May mahigit 50,000 customer sa mga negosyo at pamahalaan ang IHS Markit, kabilang ang 80 porsiyento ng mga kumpanya sa Fortune Global 500 at ang mga nangungunang pampinansyal na institusyon sa buong mundo.

Ang IHS Markit ay isang nakarehistrong trademark ng IHS Markit Ltd. at/o mga affiliate nito. Ang lahat ng iba pang kumpanya at pangalan ng produkto ay maaaring mga trademark ng mga may-ari ng mga ito © 2020 IHS Markit Ltd. Nakalaan ang lahat ng karapatan.

Kung hindi mo gustong makatanggap ng mga balita mula sa IHS Markit, mangyaring mag-email sa [katherine.smith@ihsmarkit.com](mailto:katherine.smith@ihsmarkit.com). Upang mabasa ang aming patakaran sa privacy, mag-click [dito](#).

Tungkol sa PMI

Available na ngayon ang Purchasing Managers' Index™ (PMI®) sa higit sa 40 bansa pati na rin sa mga pangunahing rehiyon gaya ng Eurozone. Ang mga survey sa negosyo na ito ay ang mga pinakasinasubaybayan sa mundo, na pinapaboran ng mga bangko sentral, pampinansyal na merkado at ng mga taong gumagawa ng mga pangnegosyong pagpapasya nang dahil sa kakayanan nitong magbigay ng napapanahon, tumpak at madalas ay natatanging mga indicator ng mga paggalaw sa ekonomiya. Upang matuto nang higit pa, pumunta sa [ihsmarkit.com/products/pmi.html](https://ihsmarkit.com/products/pmi.html).